



## Project Sentinel

1490 El Camino Real, Santa Clara, CA 95050 (408)720-9888 [www.housing.org](http://www.housing.org)

### Abiso ng Pagpapaalis sa 3 Araw

3-Day Notice

Ang isang may-ari ng bahay ay maaring magbigay ng abiso sa pagpapaalis ng umuupa pagkatapos ng 3 araw dahil sa paglabag sa mga kondisyon sa pagpapaupa. Kadalasan ito ay dahil sa hindi pagbabayad ng upa, panggugulo sa ibang umuupa, ang paggamit ng bahay sa mga gawaing labag sa batas, o paninira ng bahay. Kung ang paglabag ay maaring ayusin, katulad ng hindi pagbabayad ng upa, ito ay dapat nakasulat sa abiso at bibigyan ang umuupa ng kondisyon na bayaran sa loob ng 3 araw. Kung ang paglabag ay seryoso, katulad ng paggawa ng mga gawaing labag sa batas sa loob ng bahay, ang may-ari ay maaring magbigay ng abiso para paalisin ang umuupa pagkatapos ng 3 araw na walang pagkakataon para isatama. Dapat nakasulat sa abiso ang pangalan, tirahan, at telepono ng taong dapat tumanggap ng upa sa loob ng 3 araw. Dapat din nakasulat ang halaga ng upa na dapat bayaran, at walang iba pang karagdagang singil katulad ng “late fees”. Ang may-ari ay hindi obligadong tanggapin ang upa kapag nakalipas na ang 3 araw.

***Paano ang tamang pagbigay ng abiso ng pagpapaalis sa 3 araw?*** Ang abiso ay pwedeng ibigay ng may-ari sa tatlong paraan: 1) iabot ng personal sa umuupa; 2) idikit sa pinto ng bahay o apartment at ipadala ang kopya sa koreo; 3) labot sa isang responsableng tao sa loob ng pamamahay ng umuupa o sa kanyang trabaho at ipadala ang kopya sa koreo. Ang pagdikit sa pinto at ang pag-abot sa isang responsableng tao at pagpapadala ng kopya sa koreo ay pwede lamang gawin kapag ang may-ari ay walang pagkakataon na iabot ng personal ang abiso sa umuupa sa kanyang tirahan o tinatrabahoan.



***Paano binibilang ang 3 araw matapos matanggap ang abiso?***

Ang 3 araw ay binibilang umpisa sa unang araw matapos matanggap ng umuupa ang abiso. Kapag ang pangatlong araw ay pumatak sa araw ng sabado, linggo o pista opisyal, ang pangatlong araw ay inuulong sa susunod na araw.

***Binigyan ako ng abiso na paalisin sa 3 araw kung hindi mababayaran ang upa. Hindi ko kayang bayaran ang buong halaga. Maari ko bang bayaran ng hindi buo?***

Nasa sa may-ari yon kung tatanggapin niya na hindi buo ang halaga ng upa. Ang pagtanggap ng may-ari ng anumang halaga ay nagkakansela sa abiso. Kung hindi pa rin mababayaran ang kakulangan, ang may-ari ay dapat magbigay ng panibagong abiso ng 3 araw.

***Anong mangyayari kung hindi ko papansinin ang abiso ng 3 araw ng pag-alis?***

Ang may-ari ay may karapatang mag-akyat sa husgado ng “Unlawful Detainer” para paalisin ka pagkalipas ng 3 araw.

*Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa  
(408) 720-9888*

Para makahingi ng mga kasulatan na angkop para sa mga taong may kapansanan, mag e-mail lang sa [scottrell@housing.org](mailto:scottrell@housing.org) or TTY 7-1-1